

BAGONG LIWANAG NG KAHARIAN

P3 - 2

LIWANAGIN

Talaga bang si Jesus ay Dios? Bakit Siya naging isang tao? Ano ang Kanyang pakay sa pagparito Niya sa lupa? Bakit kailangan pa nating paniwalaan na Siya ay Dios at tao? Ano ba talaga ang ginanap ni Cristo na napakahalaga sa sangkatauhan?

Pagaaral - 3 ANG TULAY PABALIK SA KAHARIAN

PAUNANG SALITA

Sinuri na ng maraming mga dakila at marurunong na tao ang kasaysayan ng buhay ni Cristo at ang karamihan sa kanila ay nagpasiya na Siya ang isa sa mga dakilang tao, kung hindi man Siya ang pinakadakila, sa kasaysayan ng daigdig. May nagsasabi na si Jesus ay isang dakilang guro. Ang iba naman ay kinikilala Siyang isang dakilang propeta. At marami din namang mga pilosopo na itinuturing Siyang pinakamabuting tao na namuhay sa mundo.

Sino ba talaga si Jesu-Cristo? Bakit milyong-milyong mga tao ang nagsasabing sila'y mga disipulo Niya ngayon? Maraming mga tao ang nakaalam na tungkol kay Jesus. Ngunit ilan talaga ang nakakikilala sa Kanya? Ilan sa atin ang nakakaalam ng itinituro ng Biblia tungkol kay Cristo? Ano ba ang isinulat ng mga alagad Niya tungkol sa Kanya? Ano ang nasusulat tungkol sa mga itinuro ni Jesus tungkol sa Kanyang sarili?

BARKADA

Matapos batiin ang mga kaanib ng grupo, ipasagot sa bawat isa ang tanong na ito:

Ano ang naaalala mong itinuro sa iyo ng mga matanda tungkol kay Jesus noong ikaw ay mistulang bata pa?

ALAM KO NGAYON

Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at bilugan ang inyong sagot (S-Segurado, H-Hindi, M-Medyo).

1. Nakilala kong relihiyon lamang ang Cristianismo, at hindi isang relasyong malapit kay Cristo. **S H M**
2. Hindi naging mahalaga sa akin kung Dios o tao man si Cristo. **S H M**
3. May konting duda ako na si Jesus ay Dios. **S H M**
4. Mahirap paniwalaan na si Jesus ay nabuhay na maguli. **S H M**
5. Mahirap kong isipin ang pagkakatawang-tao ni Jesus. **S H M**

TANONG-1: Ano ang naging epekto ng kasalanan sa tao?

BABASAHIN-1

Isaias 59:2

Taga Roma 3:12

PAGUSAPAN: *Bakit inihihwalay ang tao sa Dios ng kasalanan?*

LIWANAG-1: _____ ANG TAO SA DIOS DAHIL SA KASALANAN NITO AT NASIRA DIN ANG _____ NG TAO NA MAMAHALA SA LUPA.

Ano ang Nakasira sa Karapatang Mamahala

1. Ang pagkawala ng karapatang mamili
2. Ang pagkawala ng kakayahang umibig
3. Ang pagkawala ng kakayahang maging malapit sa Dios

PALIWANAG: *Masyadong malawak ang paghihiwalay ng Dios at ng tao dahil sa likas-Dios ng Panginoon (Siya'y sakdal sa kabanalan) at likas-natural ng tao (ito'y makasalanan). Ang panukala ng Dios na mamahala ang tao sa lupa ay ibinatay sa kundisyon na ang tao ay magiging malapit sa Dios. Makakapamahala lamang ng tama ang tao kung ang kanyang espiritu ay patuloy na nakakabit at kaugnay ng Espirito ng Dios. Namatay ang espiritu ng tao noong siya'y magkasala at nawalan siya ng kakayahang umibig at maging malapit sa Dios. Kaya nga hindi na siya maaring mamahala.*

TANONG-2: Ano ang ipinangako ng Dios tungkol sa Mesias?

BABASAHIN-2

Isaias 9:4,6,7

BABASAHIN-3

Lucas 4:18-19

PAGUSAPAN: *Ano ang gawain ng Mesias?*

PAGISIPAN: *Ang gawain ni Cristo noong nasa lupa Siya ay ang mga susunod:*

- a. *Pangangaral ng Mabuting Balita*
- b. *Pagpapahayag ng kalayaan sa mga bihag*
- c. *Pagpapagaling ng mga may sakit*
- d. *Pagbibigay ng kaluagan sa mga naapi*
- e. *Pagpapahayag ng kaligtasan ng Panginoon*

BABASAHIN-4

Juan 10:10

PAGUSAPAN: *Ano ang sinabi ni Jesus na pakay Niya sa Kanyang pagdating sa lupa?*

LIWANAG-2: ANG _____ (“CRISTO”) ANG IPINANGAKO NG DIOS NA ISUSUGO AT MAGIGING _____ NG PAMAHALAAN NG TAO SA LUPA.

PALIWANAG: *Ipinahayag ng mga propeta sa Lumang Tipan na ang Mesias ay magpapalaya at magliligtas sa mga tao. Ang Mesias ay mamamahala sa kahariang walang hanggan. Ipinahayag din ni Cristo na Siya’y dumating upang bigyan ang mga tao ng buhay na kumpleto at kasiya-siya.*

TANONG-3: **Ano ang kailangan sa isang tagapamagitan sa banal na Dios at makasalanang tao?**

BABASAHIN-5

1 Juan 4:9-10

Juan 17:2

BABASAHIN-6

Taga Roma 5:18-19

Mga Hebreo 2:14-15

LIWANAG-3: BILANG _____ SA DIOS AT SA TAO, KAILANGAN NG MESIAS NA SIYA AY:

- A. **DIOS** - Dahil Anak Siya ng Dios, maibabalik Niya ang buhay ng makasalanang tao na nahatulang mamatay.
- B. **TAO** - Bilang “Pangalawang Adan,” tutuparin Niya ang hindi naganap ni Adan.

PALIWANAG: *Kailangang ayusin ang nasirang relasyon ng banal na Dios at ng makasalanang tao sa pamamagitan ng Pagbabayad Katubusan (“Atonement”). Ito’y matutupad lamang ng isang tagapamagitan na Dios (sakdal at banal) at tao din (may laman at dugo - maaring mamatay). Ito ang dahilan kung bakit si Jesus (na mismong Dios) ay nagkatawang-tao.*

TANONG-4: **Ano ang patotoo ng mga alagad ni Jesus tungkol sa Kanya?**

BABASAHIN-7

Mateo 16:15-16

PAGUSAPAN: *Bakit ipinahayag ni Pedro na si Jesus ay ang Anak ng Dios na Buhay?*

BABASAHIN-8

2 Pedro 1:16-19

PALIWANAG: *Si Pedro, ang pangunahing alagad ni Jesus, ang nagpatotoo na ang mga isinulat nilang kasaysayan ni Jesus ay hindi bali-balita, kundi mga pangyayaring tunay na namasid ng kanilang mata. Sa katunayan nga, hindi nila naisulat ang mga ito kung hindi isinaisip (“inspired”) sa kanila ng Banal na Espirito at binigyan sila ng kakayahang sumulat.*

BABASAHIN-9

Juan 1:1-4

Juan 1:14

PAGUSAPAN: *Ano ang patotoo ni Juan tungkol kay Jesus?*

PAGISIPAN: *Naniwala si Juan na si Jesus ay Dios at Manlalalang na nagkatawang-tao dahil sa kanyang nakita sa buhay at gawain ni Jesus (ang dakilang pagibig, katapatan, at kalualhatian ng Dios).*

LIWANAG-4: TINANGGAP NG MGA _____ NI JESUS NA SIYA ANG MESIAS, ANG WALANG HANGGANG _____ NG DIOS, AT ANG _____.

PALIWANAG: *Sa Lumang Tipan ay 300 beses na binanggit ang Mesias. Tinupad lahat ni Jesus ang lahat ng hula o tanda (61) tungkol sa Mesias.*

- Kanyang pagsilang (12)
- Kanyang likas (9)
- Kanyang gawain (8)
- Kanyang paghihirap at pagkamatay (“Passion” - 29)
- Kanyang pagkabuhay at pagakyat sa langit (3)

TANONG-5: Paano tinupad ni Jesus ang Kanyang pagka-Mesias?

BABASAHIN-10

Juan 1:17

Juan 1:18

PAGUSAPAN: *Ano ang ipinakilala ni Jesus tungkol sa Kanyang Ama?*

LIWANAG-5: _____ NI JESUS AND TUNAY NA LIKAS NG DIOS UPANG MAIBALIK ANG NAWALANG _____ NA RELASYON NG DIOS AT NG TAO.

PALIWANAG: *Ang unang layunin ng buhay ni Jesus ay ipakilala sa tao ang pagibig at kagandahang-loob ng Dios. Kaiba ang gawain ni Jesus sa gawain ni Moises. Ginamit ang kautusan ni Moises upang ipakita ang makasalanang kalagayan ng tao. Ipinakita naman ni Jesus ang awa at kabaitan ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang buhay.*

BABASAHIN-11

Mateo 4:1-11

PAGUSAPAN: *Ano ang pagkakaiba ng karanasan ni Adan at Eva sa sagupaan ni Cristo at Satanas sa ilang?*

PAGISIPAN: *Nanaig si Cristo kay Satanas dahil ginawa Niya ang hindi ginawa ni Adan at Eva.*

- a. *Si Cristo ay pinuspos at pinangunahan ng Banal na Espirito.*
- b. *Nagtagumpay si Cristo sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Salita ng Dios.*
- c. *Nanaig si Cristo sa paggiit ng karapatang mamahala sa lupa, na unang ibinigay kay Adan.*

BABASAHIN-12

Mga Gawa 10:38

Mateo 4:17

PALIWANAG: *Nagtagumpay muna si Jesus sa diablo bago Niya sinimulaan ang Kanyang ministerio. Matapos Niyang ipaibabaw*

kay Satanas ang Kanyang pamamahala sa lupa, ipinahayag Niya, "Malapit na ang kaharian ng langit."

BABASAHIN-13

1 Juan 3:8

Marcos 1:34

PAGUSAPAN: *Paano niwasak ni Cristo ang gawain ng diablo?*

LIWANAG-6: DINAIG NI JESUS SI _____ SA KANILANG LABANAN DITO SA LUPA UPANG MAIBALIK ANG NAWALANG _____ NG TAO.

1. IPINAIBABAW NIYA KAY SATANAS ANG KANYANG KARAPATANG _____ SA LUPA.
2. WINASAK NIYA ANG PAMAHALAAN NI SATANAS SA LUPA SA PAMAMAGITAN NG KANYANG MGA KABABALAGHANG _____ SA MGA TAONG NABIHAG AT INAPI.

BABASAHIN-14

Mateo 1:18-25

PALIWANAG: *Pinili ng Dios si Maria (isang maka-Dios na birhen) at si Jose (isang mabait na lalaki) na maging mga magulang ng Kanyang bugtong na Anak. Isinama silang dalawa sa mahiwagang panukala ng Dios para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ang propetang si Isaias (**Isaias 7:14**) ay nagpahayag ng hula (500 taon pa bago isinilang si Jesus) na ipapanganak ang isang sanggol ng isang birhen at siya'y tatawaging Emmanuel ("Kasama natin ang Dios"). Sa pamamagitan ng sanggol na ito mababalik ang tao sa kanyang dating malapit na relasyon sa Dios. Si Jesus ang tulay na ibinigay ng Dios upang ang makasalanang tao ay makatawid na pabalik sa kaharian ng langit.*

BABASAHIN-15

2 Taiga Corinto 5:21

1 Pedro 3:18

PAGUSAPAN: *Bakit naging sapat ang handog sa kamatayan ng isang tao lamang?*

PAGISIPAN: *Dahil sa pagkakasala ng isang tao, nawala ang karapatan ng tao na mamahala sa lupa. Kaya kailangan din na mamatay ang isang tao upang maibalik ang nawala dahil sa kasalanan. Ngunit hindi maaring ang taong ito ay manggaling kay Adan. Kinailangang manggaling sa Dios ang taong ito – Dios na nagkatawang-tao na walang bahid ng kahit anomang sala.*

BABASAHIN-16

1 Taiga Corinto 15:3-4

1 Taiga Corinto 15:20

PAGUSAPAN: *Bakit mahalaga ang muling pagkabuhay ni Jesus sa pagbabalik ng kaharian?*

PAGISIPAN: *Ipinakita sa muling pagkabuhay ni Jesus na ang kaharian ng Dios ay makapangyarihan at walang-hanggan. Ang Kanyang pagbangon sa mga patay ay katunayan na Siya nga ang Mesias.*

LIWANAG-7: BINAYARAN NI JESUS ANG _____ NG MAKASALANANG TAO UPANG _____ SA TAO ANG NAWALANG KAKAYAHANG UMIBIG.

1. ISINILANG SIYA NA _____.
2. NAMATAY SIYA NA _____.
3. _____ SIYANG MULI NA MAY KATAWANG ESPIRITUAL.

TANONG-6: Bakit naparito sa lupa si Jesus?**BABASAHIN-17****Juan 14:6****Juan 10:9****Mga Gawa 4:12**

LIWANAG-8: NAPARITO SA LUPA SI JESUS DAHIL SIYA LAMANG ANG MAARING _____ UPANG MABALIK ANG TAO SA DIOS.

MAGANDANG BALITA NG KAHARIAN -3

Walang maaring tulay-tawiran para sa pagbabalik ng tao sa Dios kundi si Jesus na Dios at tao din. Si Jesu-Cristo na Anak ng Dios ay ang ipinangakong Mesias na nagkatawang-tao. Namatay Siya sa krus upang bayaran ang aking mga kasalanan at Siya'y bumangon sa mga patay upang tubusin ang lahat ng tao at upang maibalik sila sa kaharian ng Dios.

PAGLAPIT SA KAHARIAN - 3

KAILANGANG KONG KILALANIN NA SI JESU-CRISTO AY DIOS AT TAO.

PALIWANAG: *Sa pamamagitan ni Cristo, na Dios at tao, ibabalik ng Panginoon ang lahat ng nawala sa sangkatauhan dahil sa ginawa ni Adan. Ating mauunawaan kung ano ang ginawa ni Jesus sa lupa at ang Kanyang ginagawa ngayon sa langit kung ating kikilalanin ang pagka-Dios at pagkatao Niya. Naparito Siya sa lupa upang maging tulay-tawiran sa pagbabalik ng mga makasalanang tao sa Dios. Noong Kanyang idinipa ang Kanyang mga kamay sa krus at Kanyang isinigaw, "Naganap na," pinagkasundo na Niya ang tao sa Dios.*

NATUTUHAN KO

Basahin ang mga pangungusap sa ibaba at bilugan ang inyong sagot (S-Segurado, H-Hindi, M-Medyo).

1. Nauunawaan ko na ang malawak na pagkahiwalay ng makasalanang tao sa banal na Dios. **S H M**
2. Nauunawaan ko na isang tagapagkasundo na Dios at tao lamang ang maaring maging tulay-tawiran sa malawak na paghihiwalay na ito. **S H M**
3. Nauunawaan at tinatanggap ko na si Jesus ay Dios at tao. **S H M**
4. Nauunawaan ko na itinuturo ng Biblia na si Jesus ang Mesias na Siyang nagbalik ng lahat ng nawala ni Adan. **S H M**

GAGAWIN KO NGAYON

(Check)

- ___ Gusto ko pang matuto tungkol sa pagibig ng Dios at sa itinakda Niya para sa akin.
- ___ Gusto kong pagaralan at maranasan ang pagbabalik sa talagang panukala ng Dios para sa mga tao.
- ___ Ako'y talagang desidido na gumugol ng panahon upang matutuhan ang sinabi ng Biblia tungkol kay Jesus at ang mga gawain na nagpatunay ng Kanyang pagka-Mesias (magaral ng Biblia na kasama ng grupo).